Mensahe Pito

**Ang Tinapay ng Buhay**

Babasahin sa Kasulatan: Juan 6:22-71

**I. Kung babasahin natin nang maingat ang Juan 6, dapat tayong magkaroon ng malalim na pagkakintal sa kapitulong ito at magbigay-pansin sa pagkakasunod-sunod ng pitong mahahalagang punto:**

A. Ang Panginoon ay ang tinapay ng buhay—bb. 35, 48.

B. Ibinibigay ng Panginoon ang Kanyang tinapay ng buhay upang ating kainin—b. 51.

C. Ibinibigay rin ng Panginoon ang Kanyang dugo upang ating inumin—b. 53.

D. Hindi lamang namatay ang Panginoon bagkus nabuhay na muli rin—b. 56.

E. Dahil si Kristo ay nabubuhay sa loob natin, tayo ay nabubuhay dahil sa Kanya at nabubuhay sa harap ng Diyos—b. 57.

F. Ang Kanyang Espiritu, hindi ang Kanyang pisikal na laman, ang nagbibigay sa atin ng buhay at panustos-buhay—b. 63a.

G. Ang Espiritu ay nasa mga salitang sinalita ng Panginoon; ang Kanyang mga salita ay espiritu at buhay—b. 63b.

**II. Ang pangunahing layunin kung bakit bumaba ang Panginoong Hesus galing sa langit tungo sa lupa ay ang isakatuparan ang isang sentrong bagay—ang ibigay ang Kanyang sarili sa atin bilang pagkain—ang tinapay ng buhay—nang sa gayon ay makain natin Siya bilang espiritwal na pagkain at matunaw natin upang maging ating pagkakabuo—bb. 50-51.**

**III. Ang kapitulo 6 ng Ebanghelyo ni Juan ay isang detalyadong pagtalakay hinggil sa Panginoong Hesus bilang tinapay ng buhay; idineklara Niya, "Ako ang tinapay ng buhay"—b. 48:**

A. Inihahayag ng maraming bersikulo sa Juan 6 na, para sa ating karanasan at katamasahan, si Kristo ang tinapay ng buhay—bb. 27, 32-35, 47-58, 63a, 68b:

1. Ang pinakaimportanteng punto sa buong kapitulo ng Juan 6 ay yaong si Kristo ang ating pagkain, ang tinapay ng buhay—bb. 35, 48.
2. Ang kainin Siya ay hindi isang minsanang bagay; sa halip, kailangan nating kaugnayin ang Panginoon at kainin Siya araw-araw, sapagkat Siya ay nakakain—b. 50.
3. Kailangan nating ensayuhin ang ating espiritu na kainin Siya, tinatanggap Siya, tinutunaw Siya, dinaranas Siya, tinatamasa Siya, at iniaaplay Siya sandali kada sandali—bb. 56-57.
4. Tayong lahat ay dapat tumuon sa isang bagay—pagkain kay Kristo at pagkatapos ay pamumuhay sa pamamagitan ng kung anong kinain natin sa Kanya—b. 54.

B. "Huwag kayong gumawa para sa pagkaing nasisira, kundi para sa pagkaing nananatili tungo sa buhay na walang hanggan, na ibibigay sa inyo ng Anak ng Tao"—b. 27:

1. Ang buhay na walang hanggan ay ang dibinong buhay, ang di-nilikhang buhay, na hindi lamang panghabang panahon patungkol sa panahon bagkus walang hanggan din at dibino sa kalikasan—3:15.
2. Ang pagkain na nananatili tungo sa buhay na walang hanggan ay makapagtutustos sa atin at makapagdadala sa atin tungo sa buhay na walang hanggan—6:27.

C. “Ang Aking Ama ang nagbibigay sa inyo ng tunay na tinapay na galing sa langit. Sapagkat ang tinapay ng Diyos ay Siya na bumababa mula sa langit at nagbibigay ng buhay sa sanlibutan”—bb. 32-33:
    1. Tanging ang mga espiritwal na bagay ang totoo; “ang Espiritu ang realidad”—1 Juan 5:6b.
    2. Bilang tunay na tinapay, si Kristo ang tinapay ng katotohanan, ng realidad; si Kristo ay totoo, tunay.
    3. Tayong lahat ay kailangang lubhang makintalan ng katunayan na kailangan natin si Kristo bilang tunay na tinapay ng buhay na isinugo ng Diyos upang magdala sa atin ng buhay na walang hanggan.
    4. “Ang tinapay ng Diyos” sa Juan 6:33 ay “ang tunay na tinapay” sa bersikulo 32.
    5. Bilang tinapay na bumaba galing sa langit, si Kristo ang makalangit na tinapay, at bilang tinapay ng Diyos, Siya ay galing sa Diyos, Siya ay isinugo ng Diyos, at Siya ay kasama ng Diyos—b. 33.
    6. Kapag kinakain natin ang tinapay na ito at tinutunaw ito, ito ay nagiging ating pagkakabuo, at tayo ay naihuhugpong at naisasama sa Panginoon bilang isa—1 Cor. 6:17.
    7. Ang sinumang kumakain ng buháy na tinapay na bumabang galing sa langit ay mabubuhay magpakailanman—Juan 6:50-51a.

D. Sinabi ng Panginoong Hesus sa bersikulo 51b, “Ang tinapay na Aking ibibigay ay ang Aking laman, na ibinigay para sa buhay ng sanlibutan”:
    1. Ang tinapay sa puntong ito ay naging laman.
    2. Ibinigay ng Panginoon ang Kanyang katawan, yaon ay, ang Kanyang laman, na namamatay para sa atin upang magkaroon tayo ng buhay.

E. “Katotohanan, katotohanang sinasabi Ko sa inyo, Malibang kainin ninyo ang laman ng Anak ng Tao at inumin ang Kanyang dugo, wala kayong buhay sa inyong sarili”—b. 53:
    1. Ang paghihiwalay ng dugo at laman ay nagpapahiwatig ng kamatayan.
    2. Malinaw na ipinahihiwatig dito ng Panginoon ang Kanyang kamatayan, yaon ay, ang Kanyang pagkapaslang.
    3. Ibinigay Niya ang Kanyang katawan at ibinubo ang Kanyang dugo para sa atin upang tayo ay magkaroon ng buhay na walang hanggan:
        a. Ang kainin ang Kanyang laman ay ang tanggapin sa pamamagitan ng pananampalataya ang lahat ng Kanyang ginawa sa pagbibigay ng Kanyang katawan para sa atin.
        b. Ang inumin ang Kanyang dugo ay ang tanggapin sa pamamagitan ng pananampalataya ang lahat ng Kanyang isinakatuparan sa pagbububo ng Kanyang dugo para sa atin.
    4. Ang kainin ang Kanyang laman at inumin ang Kanyang dugo ay ang tanggapin Siya, sa Kanyang pagtutubos, bilang buhay at panustos-buhay sa pamamagitan ng pagsampalataya sa kung ano ang ginawa Niya para sa atin sa krus.
    5. Sa pamamagitan ng paghahambing ng bersikulo 53 sa bersikulo 47, makikita natin na ang kainin ang laman ng Panginoon at inumin ang Kanyang dugo ay ang sumampalataya sa Kanya, dahil ang sumampalataya o ang sumampalataya paloob sa ay ang tumanggap—1:12.

F. “Ang Aking laman ay tunay na pagkain, at ang Aking dugo ay tunay na inumin”—6:55:

1. Malibang kainin natin ang laman ng Anak ng Tao at inumin ang Kanyang dugo, wala tayong buhay na walang hanggan sa loob ng ating sarili.
2. Kung kinakain natin Siya at iniinom Siya, magkakaroon tayo ng buhay dahil sa Kanya.

G. Ang pinakamatindi at pinakakakatwang pangungusap sa buong Biblia ay Juan 6:57: "Kung paanong isinugo Ako ng Amang buháy at Ako ay nabubuhay dahil sa Ama, gayundin ang kumakain sa Akin, siya naman ay mabubuhay dahil sa Akin":
1. Ang kumain ay ang kunin ang pagkain tungo sa atin upang ito ay maasimila nang organiko tungo sa ating katawan.
2. Ang kainin ang Panginoong Hesus ay ang tanggapin Siya tungo sa atin upang Siya ay maasimila ng isinilang na muling bagong tao sa daan ng buhay:
   a. Sa gayon ay mamumuhay tayo sa pamamagitan Niya na ating natanggap.
   b. Sa pamamagitan nito na Siya, ang nabuhay na muling Isa, ay nabubuhay sa loob natin—14:19-20.

**IV. "Ang Espiritu ang nagbibigay-buhay; ang laman ay walang anumang pakinabang; ang mga salitang sinalita Ko sa inyo ay espiritu at buhay"—6:63:**

A. Ang huling bahagi ng Juan 6 ay ang seksiyon tungkol kay Kristo na nagiging Espiritung nagbibigay-buhay at Salita.

B. Yamang si Kristo ang Espiritu, makauugnay natin Siya bilang Espiritu sa loob natin—1 Cor. 15:45.

C. Dahil Siya ang Espiritung nagbibigay-buhay, makakain at maaasimila natin Siya bilang ating pagkain.

D. Upang matanggap ang Panginoong Hesus bilang tinapay ng buhay, ang ating panustos-buhay upang pakainin tayo, kailangan nating makita na Siya ang Espiritung nagbibigay-buhay at ang Espiritung ito ay naisakatawan sa Salita—Juan 6:63.

E. Ang ibinibigay sa atin ng Panginoon ay ang Espiritung nagbibigay ng buhay; ang Espiritung ito ay ang Panginoon Mismo sa pagkabuhay na muli—1 Cor. 15:45.

F. Sa Juan 6:63 "ang mga salita" ay kasunod ng Espiritu:
1. Ipinahihiwatig ng Panginoon na para sa pagbibigay ng buhay, Siya ay magiging ang Espiritu.
2. Pagkatapos ay sinabi Niya na ang mga salita na Kanyang sinasalita ay espiritu at buhay; ipinahihiwatig nito na ang Kanyang mga salitang sinalita ay ang pagsasakatawan ng Espiritung nagbibigay-buhay—b. 63.
3. Kung hindi natin mahipo ang Espiritu na nasa Salita, hindi tayo makatatanggap ng buhay.
4. Araw-araw ay kailangan tayong lumapit sa Panginoon at hipuin Siya bilang Espiritu na nasa Salita; kung gagawin natin ito, kakainin natin si Kristo bilang tinapay ng buhay—b. 35.

G. Nagtatapos ang kapitulo 6 ng Juan sa salita ng buhay, na siyang kaparaanan upang matanggap natin ang Panginoon bilang tinapay ng buhay—b. 63:
1. Kung tinatanggap natin ang Salita, magkakaroon tayo ng Espiritu, at kung taglay natin ang Espiritu sa loob natin, matataglay natin si Kristo bilang panloob na tustos ng buhay.

2. Nawa matanto nating lahat na ang kailangan natin ay si Kristo bilang ating panustos-buhay at pagkatapos ay araw-araw na kaugnayin Siya bilang Espiritung nagbibigay-buhay na naisakatawan sa Salita.

*© 2024 Living Stream Ministry*